

PAKSA: MAHALAGANG PAUNAWA - Nalalapit na DEADLINE sa Pagtransisyon sa Pribadong Serbisyo ng Franchise Hauler. KINAKAILANGAN ANG PAGKILOS para Magpalit sa Pribadong Serbisyo ng Pangongolekta ng Basura ng Pribadong Franchise Hauler



Minamahal na May-ari ng Ari-arian,

Ito ang iyong **pangalawang abiso** na ang ari-arian sa ibaba **ay hindi karapat-dapat** para sa serbisyo ng pangongolekta ng basura sa tirahan na ipinagkakaloob ng Lungsod ng San Diego. Kung hindi mo pa ito nagagawa, mangyaring magtatag ng serbisyo sa pangongolekta ng basura sa isang pribadong Franchise Hauler na inawtorisahan ng Lungsod sa deadline na nakasulat sa ibaba. Kinakailangan ang agarang aksyon upang makasunod sa mga regulasyon ng Lungsod at maiwasan ang mga posibleng pagkilos sa pagpapatupad.

Mga Detalye Ukol sa Iyong Ari-arian:

Address: [Insert Property Address Here]

APN: [Insert APN Here]

Kasalukuyang Araw ng Serbisyo para sa Basura sa Lungsod: **Huwebes**

Deadline para Magtatag ng Bagong Serbisyo sa Inaprubahang Franchise Hauler: AGOSTO 15, 2025

Ang Hindi Pagsunod

Ang mga ari-arian na hindi nakapili ng kanilang bagong Franchise Hauler o naghain ng apela online sa sandiego.gov/environmental-services/trash-service-updates/appeals hanggang sa deadline at hindi nagpapanatili ng sapat na serbisyo ng pangongolekta ng basura ay maaaring sumailalim sa mga pagkilos na pagpapatupad, kabilang ang **Mga Paunawa ng Paglabag** at **mga Administratibong Sitasyon**.

Mga Agarang Susunod na Hakbang

Upang matiyak ang isang maayos na transisyon, mangyaring gawin ang mga sumusunod na hakbang:

1. Suriin ang Bawat Franchise Hauler at mga Inaalok na Serbisyo

Mangyaring sumangguni sa listahan ng mga inaprubahan ng Lungsod na Franchise Hauler (bit.ly/SDHaulerDirectory). Hinihikayat na makipag-ugnayan sa mahigit sa isang Franchise Hauler upang matukoy kung alin ang pinakaangkop para sa iyong ari-arian. Kung ang iyong ari-arian ay bahagi ng isang homeowner association (HOA), mangyaring makipag-ugnayan sa HOA board upang koordinahin ang mga serbisyo sa pangongolekta ng basura.

2. Pumili ng Franchise Hauler at Magtatag ng Serbisyo sa Pagkolekta ng Basura

Magtatag ng mga serbisyo para sa basura, pag-recycle at organikong basura sa isang Franchise Hauler at tukuyin ang petsa ng pagsisimula ng serbisyo. Upang sumunod sa City Recycling Ordinance Container and Signage Guidelines o Ordinansa ng Lungsod sa Pag-recycle at Mga Alituntunin sa Lalagyan at Karatula (bit.ly/CityCSGuide), dapat kang mag-subscribe sa sapat na serbisyo ng pangongolekta upang ang mga lalagyan ay hindi umapaw at ang mga lalagyan ay magagamit nang maayos nang walang anumang kontaminasyon.

3. Iwanan ang mga Lalagyan ng Lungsod sa Lugar ng Pangongolekta sa Petsa ng Pagsisimula ng Bagong Serbisyo na may Franchise Hauler

Sa linggong ihahatid ang iyong mga bagong lalagyan ng Franchise Hauler, mangyaring tiyakin na ang lahat ng mga lalagyan ng Lungsod ay iniwan sa isang maa-access na lokasyon pagkatapos ng pangongolekta nang hindi bababa sa 48 oras upang mapadali ang palitan ng lalagyan. Ihahatid ng iyong bagong Franchise Hauler ang iyong mga bagong lalagyan at aalisin ang mga lalagyan ng Lungsod.

4. Abisuhan ang mga Residente at Nangungupahan Tungkol sa mga Nalalapit na Pagbabago

Mahalagang maipaalam ang mga update para sa mga serbisyo sa pangongolekta ng basura sa mga residente ng ari-arian o sa mga nangungupahan kung ang ari-arian ay inuupahan, kasama ang bagong petsa ng pagsisimula ng serbisyo, bagong araw ng koleksyon at mga pinakamahusay na gawi sa pag-recycle.

Gaya ng naunang ipinaalam, ang Ordinansa ng Lungsod 66.0127 ay tinutukoy kung anong mga ari-arian ang karapat-dapat para sa mga serbisyo sa pangongolekta ng Lungsod. Nakasaad sa Ordinansa na *"hindi bababa sa isang beses bawat linggo, kokolektahin at ihahatid ng mga kawani ng Lungsod ang mga solidong basura para sa paglilipat, transportasyon, at pag-recycle o pagtatapon at ang Lungsod ay maaaring maningil ng bayad sa pagbawi sa gastos, ayon sa pinahihintulutan ng batas, para sa lahat ng serbisyo sa pamamahala ng solidong basura"*. Ipinapaliwanag pa sa Ordinansa na *"ang ibig sabihin ng solidong basura mula sa mga tirahan ay solidong basura, kung saan ang uri at dami ay karaniwang nagmumula sa mga tirahan, na inilalagay sa itinalagang pagkokolektahang lugar sa bangketa ng isang pampublikong kalye ng Lungsod o pampublikong eskinita ng Lungsod sa isang lalagyan para sa pangongolekta sa bangketa na inaprubahan ng Lungsod sa itinalagang araw ng pangongolekta"* at na *"ang residensyal na ari-arian ay nangangahulugang residensyal na ari-ariang pang-isahang pamilya o pangmaramihang pamilya, na may hanggang apat na tirahan sa iisang lote, na tumutugon sa mga kinakailangan ng Lungsod para sa pangongolekta ng mga kawani ng Lungsod."*

Sino ang karapat-dapat para sa mga serbisyo ng pangongolekta ng Lungsod?

Isang residensyal na ari-arian na pang-isahan o pangmaramihang pamilya, na matatagpuan sa pampublikong kalye, na may hanggang apat na tirahan sa iisang lote, na tumutugon sa mga kinakailangan ng Lungsod para sa pangongolekta ng mga kawani ng Lungsod.

Paano ko malalaman kung ang aking ari-arian ay nakatutugon sa mga kinakailangan ng Lungsod para sa pangongolekta ng mga kawani ng Lungsod? Dapat matugunan ng mga karapat-dapat na ari-arian ang lahat ng sumusunod na pamantayan:

- Mga ari-arian ng tirahan na may isa hanggang apat na tirahan sa iisang lote.
- Mga ari-arian na hindi magkahalo ang gamit o komersyal na ari-arian.
- Mga ari-arian na matatagpuan sa isang pampublikong kalye at maseserbisyuhan sa isang pampublikong kalye.
- Mga ari-arian na may sapat na espasyo para mag-imbak ng mga lalagyan na kailangan para malagyan ng lahat ng basura, inire-recycle, at mga organiko na nalikom ng ari-arian sa pagitan ng mga koleksyon.

Paano ko malalaman kung ang aking ari-arian ay **hindi** nakakatugon sa mga kinakailangan ng Lungsod para sa pangongolekta ng mga kawani ng Lungsod? Kabilang sa mga hindi karapat-dapat na ari-arian ang:

- Mga residensyal na ari-arian na may lima o higit pang mga tirahan sa iisang lote.
- Pinaghalong gamit at komersyal na mga ari-arian.
- Mga ari-arian na matatagpuan sa mga pribadong kalye o sa loob ng mga may gate na komunidad.
- Mga ari-arian na ang pag-access ay nangangailangan ng pagtawid sa isang pribadong kalye o sineserbisyuhan sa isang pribadong kalye, kahit na ang address ng ari-arian ay nasa pampublikong kalye.
- Mga ari-arian na walang sapat na espasyo para mag-imbak ng sapat na mga lalagyan ng basura na ibinigay ng Lungsod na kailangan upang malagyan ng lahat ng basura, pag-recycle at mga organiko na inilabas ng ari-arian sa pagitan ng lingguhang koleksyon.
- Mga ari-arian sa isang pabahay na complex kung saan ang ilan sa mga ari-arian ay hindi nakatutugon sa mga kinakailangan sa pagiging karapat-dapat ng Lungsod. Upang maging kwalipikado para sa serbisyo ng Lungsod, ang lahat ng mga ari-arian sa isang complex ay kailangang maging karapat-dapat para sa serbisyo ng Lungsod.

Mga Mapagkukunan at Tulong

- Sumali sa amin sa isang darating na impormasyon na workshop sa Lunes, Hulyo 14 mula 5:30 hanggang 6:30 ng hapon sa Montgomery-Waller Recreation Center. Para sa karagdagang impormasyon at iba pang mga resources, bisitahin: sandiego.gov/trash-service-updates.
- Bisitahin [ang SDRcyclingWorks.com](https://www.sanrecyclingworks.com) para sa impormasyon tungkol sa pagsunod sa City Recycling Ordinance at Container and Signage Guidelines.
- Para sa mga katanungan o karagdagang tulong, makipag-ugnayan sa Environmental Services Department (Kagawaran ng mga Serbisyong Pangkapaligiran) ng Lungsod ng San Diego sa **619-533-4440** o mag-email sa amin sa wasteservice@sanidiego.gov.



I-scan para sa mga magagamit na wika:

- Español
- English
- Tiếng Việt



Hinihimok ka naming kumilos na ngayon upang maiwasan ang mga paggambala sa serbisyo at mga posibleng parusa. Nauunawaan namin na ang pagtransisyong iyon sa isang bagong serbisyo ng pangongolekta ng basura ay maaaring isang pag-adjust, at kami ay nakatuon sa pagsuporta sa iyo sa pamamagitan ng prosesong ito. Salamat sa iyong kooperasyon at pakikipagtulungan sa paglikha ng isang mas malinis at mas luntiang San Diego.

Taos-puso,

City of San Diego Environmental Services Department

